OPISINA NG
**TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY AT MGA HALALAN**
COUNTY NG SAN MATEO

**MARK CHURCH**
PUNONG OPISYAL NG MGA HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY

Minamahal na Voter:

Natanggap namin ang inyong balota para sa Mayo 2, 2023 Distrito ng Paaralan ng Millbrae Espesyal na Halalan sa Balota ng Koreo . Ipinadala namin ang abisong ito dahil **hindi ninyo nilagdaan ang sobre para sa pagbabalik o ang form ng Panunumpa ng Botante** ayon sa iniaatas ng Kodigo ng Halalan ng California §3011. Upang mabilang ang inyong balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, mangyaring kumpletuhin at ibalik ang Pahayag sa Walang Lagdang Balota na nasa likod ng liham na ito sa lalong madaling panahon.

Mangyaring basahin ang mga tagubilin bago ninyo sagutin ang form na ito. Mangyaring ibalik ang form na ito nang hindi lalampas nang 5:00 p.m. sa Mayo 30, 2023.

**Kung hindi ninyo malalagdaan nang mag-isa ang inyong sobre,** maaari kayong gumawa ng “marka” at hayaan itong masaksihan ng isang taong mas matanda sa 18 taong gulang para sa halalang ito. Dapat lumabas ang pangalan at lagda ng inyong saksi sa tabi ng marka at dapat itala bilang isang saksi. Para sa mga susunod na halalan, maaari kayong magparehistro muli upang makaboto gamit ang inyong marka sa file bilang inyong legal na lagda. Kung hindi kayo makagagawa o ayaw ninyong gumawa ng marka, maaari kayong magparehistro muli gamit ang isang tatak na lagda.

**Ang inyong lagda sa inyong Pahayag sa Walang Lagdang Balota ay dapat maihambing sa inyong talaan ng botante.** Kung kayo ay huling nagparehistro upang makaboto online o bumisita sa California Department of Motor Vehicles (DMV), ang lagda sa inyong talaan ng botante ay malamang na ang makikita sa inyong Tarheta ng ID sa California o Lisensya ng Nagmamaneho at samakatuwid, ang lagdang ihahambing sa lagda sa inyong pahayag.

Maraming salamat sa paglahok sa proseso ng halalan. Kung mayroon kayong anumang katanungan, huwag mag-atubiling tumawag o mag-text sa aming opisina sa 650.312.5222 o mag-email sa amin sa registrar@smcacre.org.

Taos puso,

Jim Irizarry
Pangalawang Punong Opisyal ng Halalan at Tagatasa-Klerk-Tagatala ng County

OPISINA NG
**TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY AT MGA HALALAN**
COUNTY NG SAN MATEO

**MARK CHURCH**
PUNONG OPISYAL NG MGA HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY

## PAHAYAG SA WALANG LAGDANG BALOTA PARA SA MAYO 2, 2023 DISTRITO NG PAARALAN NG MILLBRAE ESPESYAL NA HALALAN SA BALOTA NG KOREO

### IMPORMASYON NG BOTANTE

ADDRESS (NUMERO, KALYE AT APT. O NO. NG SUITE)

LUNGSOD, ESTADO AT ZIP CODE

### ID NG BOTANTE:

**Basahin ang mga tagubilin bago kumpletuhin ang pahayag. Kapag hindi nasunod ang mga tagubiling ito, posibleng hindi mabilang ang inyong balota.**

**Dapat mong lagdaan ang pahayag na ito sa kahon sa ibaba. Ang inyong lagda sa inyong Pahayag sa Walang Lagdang Balota ay dapat maihambing sa inyong talaan ng botante.**

**Maaari ninyong ibalik ang pahayag na ito sa anumang Kahon ng Balota nang 8:00 p.m. saMayo 2, 2023. Maaari ring ibalik ang pahayag na ito sa pamamagitan ng fax (650.312.5348), email (registrar@smcacre.org) o nang personal sa 40 Tower Road, San Mateo, CA 94402 nang 5:00 p.m. saMayo 2, 2023.**

ILIMBAG ANG PANGALAN NINYO RITO

Ako si, ______________________, ay isang rehistradong botante sa County ng San Mateo, Estado ng California. Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na humiling ako at nagbalik ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at hindi ako bumoto at hindi boboto sa mahigit sa isang balota sa halalang ito. Isa akong residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang tao na lumabas ang pangalan sa sobre ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Nauunawaan ko na kung gagawa ako o susubukan kong gumawa ng anumang panloloko kaugnay ng pagboto, o kung tutulong o papayagan ko ang panloloko o susubukan kong tumulong o payagan ang panloloko kaugnay ng pagboto, maaari akong patawan ng mabigat na kasalanan na maaaring maparusahan ng pagkakakulong sa loob ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na ang hindi ko paglagda sa pahayag na ito ay nangangahulugang mapapawalang bisa ang aking balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

### LAGDA NG BOTANTE

*(Lagda o "Marka ng Aplikante" sa sariling kamay ng botante – Huwag I-print – HINDI tinatanggap ang Power of Attorney)*

| LAGDA | PETSA |
|---|---|
| **X** | |

### LAGDA NG SAKSI KUNG GUMAGAMIT ANG BOTANTE NG "MARKA" PARA SA LAGDA SA ITAAS

| LAGDA | PETSA |
|---|---|
| **X** | |

Kung mayroon kayong anumang katanungan o kailangan ninyo ng karagdagang tulong, maaari kayong makipag-ugnayan sa aming opisina sa 650.312.5222 o registrar@smcacre.org.